

Original Article

Saloobing Pangwika ng mga Mag-aaral sa Baitang Anim sa Paggamit ng Meranaw sa Asignaturang Filipino: Isang Kaso ng Pag-aaral sa Elementarya ng Bubong Madanding

Nadjerah Exsan^{1,5}, Cherry Mae Villastique^{2,5}, Maricel Esoy^{3,5},
Rohannie Mamongcal^{4,5}, Alican Pandapatan^{5,*}

Received: 13 May 2026; Revised: 24 June 2026;
Accepted: 26 June 2026; Published: 28 June 2026

DOI: <https://doi.org/10.66074/R5B2H9D4>

Abstrak

Siniyasat ng pag-aaral na ito ang saloobing pangwika ng anim na mag-aaral na Meranaw sa Baitang 6. Ginamit ang kwalitatibong disenyo, partikular ang kasong pag-aaral, upang makamit ang malalim at kontekstuwalisadong pag-unawa sa penomenon. Nagkaroon ng FGD at paggamit instrumento sa pagkuha ng datos. Sinuri ang mga datos gamit ang tematikong pagsusuri nina Braun at Clarke (2006) at isinaayos batay sa tatlong dimensyon ng saloobing pangwika ni Baker (1992) at sinuri sa tatlong oryentasyon sa wika ni Ruiz (1984). Nakita na ang anim na kalahok ay may masalimuot at multidimensyonal na saloobin sa paggamit ng Meranaw sa loob ng asignaturang Filipino. Ang kanilang mga pangunahing dahilan sa paggamit nito ay nakaugat sa pagiging natural at nakagisnan. Lumitaw na may malaking pagkakaiba sa kanilang kakayahang magpahayag sa dalawang wika: sa Meranaw, mas mahaba, mas malinaw, mas detalyado, at mas buo ang kanilang pagpapahayag, samantalang ang purong Filipino ay nagdudulot ng pagkabahala at limitasyon. Ang pagsasalin ng guro ng mga aralin sa Meranaw ay nagsilbing mabisang pantulong sa pag-unawa ng mga konsepto sa Filipino. Gayunpaman, ang labis na pagdepende sa Meranaw ay nagresulta sa limitadong bokabularyo at kasanayan sa Filipino. Binibigyang-diin na ang mga natuklasang ito ay nakabatay sa konteksto ng iisang paaralan at hindi maaaring igiit na kumakatawan sa lahat ng batang Meranaw. Ang pag-aaral ay naglalarong na ang Meranaw sa konteksto ng asignaturang Filipino ay

¹ Bubong Madanding Elementary School, Marantao, Philippines

² Adventist Medical Center College, Iligan, Philippines

³ Mindanao Mission Academy of Seventh-Day Adventist, Inc, Manticao, Philippines

⁴ Saphiyyah Integrated School Foundation.

Inc., Marawi, Philippines

⁵ Mindanao State University-Main Campus, Marawi, Philippines

* alican.pandapatan@msumain.edu.ph

hindi maituturing na simpleng problema; ito ay parehong yaman at hamon na nangangailangan ng balanseng pedagogikal na dulong. Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng empirikal na batayan para sa pagpapaunlad ng inklusibo at sensitibong mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na kumikilala sa unang wika bilang yamang pedagogikal.

Susing-salita: asignaturang Filipino, Meranaw, MTB-MLE, multilingguwalismo, saloobing pangwika

Abstract (English)

This study examined the language attitudes of six Meranaw Grade 6 students. A qualitative design, particularly a case study approach, was employed to achieve an in-depth and contextualized understanding of the phenomenon. An FGD and a research instrument were utilized for data collection. The data were analyzed using the thematic analysis of Braun and Clarke (2006), organized according to Baker's (1992) three dimensions of language attitude, and examined through Ruiz's (1984) three language orientations. The findings showed that the six participants held complex and multidimensional attitudes toward the use of Meranaw in Filipino classes. Their primary reasons for using the language were rooted in its naturalness and familiarity. A significant difference emerged in their ability to express themselves in the two languages: in Meranaw, their expressions were longer, clearer, more detailed, and more complete, whereas the use of pure Filipino often resulted in anxiety and limitations. The teacher's translation of lessons into Meranaw served as an effective aid in understanding concepts in Filipino. However, excessive reliance on Meranaw resulted in limited Filipino vocabulary and language proficiency. It is emphasized that these findings are based on the context of a single school and cannot be claimed to represent all Meranaw children. The study concludes that the use of Meranaw within the context of Filipino classes cannot be regarded as a simple problem; rather, it is both a resource and a challenge that requires a balanced pedagogical approach. The findings provide an empirical basis for the development of inclusive and responsive strategies in teaching Filipino that recognize the first language as a pedagogical resource.

1. Introduksyon

Ang wika ay isang behikulo ng komunikasyon na ginagamit ng tao sa pamamagitan ng pagsasalita. Sa pamamagitan nito, naipapahayag ng isang tao ang kaniyang saloobin, ideya, katuwiran, kaisipan, at maging ang kaniyang kaalaman sa kausap (Moya, 2023). Sa konteksto ng Pilipinas bilang isang multilingguwal na bansa

na may 183 buhay na wika (Eberhard et al., 2024), ang klasrum ay nagsisilbing tagpuan ng magkakaibang realidad na lingguwistiko.

Ang Meranaw ay isang wikang Austronesyano na sinasalita ng pangkat-etnikong Meranaw sa halos buong Lanao del Sur at sa ilang bahagi ng Lanao del Norte, Maguindanao, at North Cotabato. Ayon kina Lobel at Riwarung (2011), ang wikang Meranaw ay may napakayamang morpolohiya na higit na masalimuot kaysa sa Tagalog, Bikol, at Waray-Waray, at nagtataglay ng natatanging sistemang ponolohikal. Ang mga katutubong tagapagsalita nito ay may matibay na pagkakakilanlang kultural na nakabatay sa kanilang pananampalatayang Islam at sa mahabang kasaysayan ng paglaban sa mga tangkang pananakop.

Para sa mga mag-aaral na Meranaw, ang pag-aaral ng asignaturang Filipino sa Baitang 6 ay hindi lamang nakatuon sa gramatika at panitikan. Saklaw ng asignaturang ito ang pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita gamit ang wikang pambansa. Gayunman, para sa mga batang Meranaw na hindi Filipino ang unang wika, nagiging masalimuot na proseso ito ng paghubog ng identidad, pakikipagnegosasyon sa kapangyarihan, at pagbuo ng saloobing pangwika. Ang saloobing pangwika (language attitude) ay tumutukoy sa opinyon, damdamin, paniniwala, at pagpapahalaga ng isang tao o grupo hinggil sa isang wika (Agheyisi & Fishman, 1970; Gardner, 1985). Ayon kay Baker (1992), binubuo ito ng tatlong sangkap: kognitibo (paniniwala), pandamdamin (damdamin), at pangkaasalan (gawi). Ang mga saloobing ito ay nahuhubog ng integratibo at instrumental na motibasyon (Gardner & Lambert, 1959).

Sa ilalim ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) na ipinatupad sa bisa ng Republic Act No. 10533 noong 2013, ginagamit ang unang wika (L1) ng bata mula Kindergarten hanggang Baitang 3 bilang wikang panturo upang magsilbing tulay sa pagkatuto ng Filipino at Ingles (Dekker & Young, 2005). Gayunman, pagsapit ng Baitang 4, inililipat na ang wikang panturo sa Filipino at Ingles (Burton, 2013). Sa bahaging ito umuusbong ang hamon para sa mga batang Meranaw na gumagamit ng Filipino bilang ikalawang wika, samantalang nananatiling pangunahing wika ng tahanan at komunidad ang Meranaw. Ang biglaang paglipat na ito ay maaaring magdulot ng mga negatibong saloobin sa sariling wika at pagkakakilanlang pangwika (Nolasco, 2009; Parba, 2018).

Bagama't kinikilala ang kahalagahan ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), nananatili ang tatlong mahahalagang puwang sa pananaliksik hinggil sa mga batang Meranaw: (1) kakulangan ng empirikal na datos tungkol sa saloobing pangwika ng mga mag-aaral na Meranaw sa Baitang 6, lalo na sa konteksto ng asignaturang Filipino; (2) hindi pa sapat na nasusuri ang kanilang oryentasyon sa wikang Meranaw batay sa balangkas ni Ruiz (1984); at (3) kakulangan ng kwalitatibong paglalarawan sa mga personal na karanasan ng mga batang Meranaw sa ilalim ng MTB-MLE, partikular sa transisyonal na yugto mula Baitang 4 hanggang Baitang 6. Tinutugunan ng pag-aaral na ito ang mga nabanggit na puwang sa umiiral na literatura.

Ipinakikita ng malawak na estadistika na ang rehiyong Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) ay kabilang sa may pinakamababang antas

ng literasi sa bansa. Sa ganitong konteksto, ang Mababang Paaralan ng Bubong Madanding sa Marantao, Lanao del Sur, ay nagsisilbing kongkretong halimbawa ng mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa usapin ng wika at edukasyon. Sa paaralang ito, ang implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) ay nahaharap sa mga suliraning naitala sa umiiral na literatura, tulad ng biglaang paglipat ng wikang panturo, kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto, at hindi pagkakatumag ng wikang ginagamit sa tahanan at ng wikang ginagamit sa paaralan (Burton, 2013; Nolasco, 2009).

Upang maunawaan ang saloobing pangwika ng mga mag-aaral, ginagamit ng pag-aaral na ito ang balangkas ni Ruiz (1984) na tumutukoy sa wika bilang problema, wika bilang karapatan, at wika bilang sanggunian. Partikular na mahalaga sa pag-aaral na ito ang perspektiba ng wika bilang sanggunian sapagkat itinuturing nito ang unang wika bilang mahalagang yaman sa pagkatuto. Kaugnay nito, ipinapaliwanag ng Linguistic Interdependence Hypothesis ni Cummins (2000) na ang kasanayan sa unang wika (L1) ay maaaring magsilbing pundasyon sa paglinang ng ikalawang wika (L2), na sinusupportahan ng mga lokal na pag-aaral nina Walter at Dekker (2011). Gayunpaman, hindi nangangahulugang ang pagkakaroon ng mayamang yamang lingguwistiko ay awtomatikong nagbubunga ng positibong saloobing pangwika. Bagama't kinikilala ang wikang Meranaw bilang may masalimuot at mayamang sistemang morpolohikal (McKaughan & Macaraya, 1996; Lobel & Riwarung, 2011), nananatiling limitado ang mga pag-aaral hinggil sa saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit nito sa pagkatuto at pagtuturo ng asignaturang Filipino. Dahil dito, mahalagang siyasatin kung paano nila tinitingnan ang wikang Meranaw bilang sanggunian sa kanilang pagkatuto ng Filipino.

Upang mabigyan ng sistematikong balangkas ang pagsusuri, binuo ang mga sumusunod na tanong sa pananaliksik batay sa tatlong-dimensiyonal na modelo ng saloobing pangwika ni Baker (1992): Para sa kognitibong dimensiyon, ano ang mga paniniwala at kaalaman ng mga mag-aaral na Meranaw hinggil sa paggamit ng kanilang unang wika sa loob ng asignaturang Filipino? Para sa pandamdaming dimensiyon, ano ang mga damdamin at emosyonal na tugon ng mga mag-aaral na Meranaw hinggil sa paggamit ng kanilang unang wika sa loob ng asignaturang Filipino? At para sa pag-uugaling dimensiyon, paano aktuwal na ginagamit ng mga mag-aaral na Meranaw ang kanilang unang wika sa loob ng asignaturang Filipino, partikular sa konteksto ng pasalita at pasulat na pagpapahayag?

2. Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang saloobing pangwika ay isang mahalagang konsepto sa sosyolingguwistika na nagsisilbing pangunahing baryabol sa maraming pananaliksik (Agheysi & Fishman, 1970). Tumutukoy ito sa masalimuot na sistema ng opinyon, damdamin, paniniwala, at pagpapahalaga ng isang tao o grupo hinggil sa isang partikular na wika o baryante nito. Ayon kay Baker (1992), binubuo ang saloobin ng tatlong magkakaugnay na dimensiyon: kognitibo (kaalaman at paniniwala), pandamdamin

(damdamin at emosyon), at pangkaasalan o pag-uugali (gawi at intensiyon sa pagkilos). Ang mga saloobing ito ay nahuhubog ng integratibong motibasyon, o pagnanais na makisalamuha sa komunidad ng target na wika, at instrumental na motibasyon, o ang mga praktikal na benepisyonng dulot ng pagkatuto ng wika (Gardner & Lambert, 1959).

Ang implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa Pilipinas ay nakabatay sa Linguistic Interdependence Hypothesis ni Cummins (2000), na nagsasaad na ang mga kasanayang nalilining sa unang wika (L1) ay maaaring mailipat at magamit sa pagkatuto ng ikalawang wika (L2). Sinusuportahan ito ng mga pag-aaral nina Dekker at Young (2005) at Walter at Dekker (2011). Gayunman, inilarawan ni Burton (2013) ang MTB-MLE bilang isang patakarang ipinapatupad mula sa itaas (top-down policy) na humaharap sa ilang hamon, tulad ng biglaang paglipat ng wikang panturo sa Baitang 4 at hindi pagkakatumag ng wikang ginagamit sa tahanan at sa paaralan. Sa ganitong kalagayan, binigyang-diin ni Parba (2018) na maaaring magkaroon ng negatibong saloobin ang mga mag-aaral sa kanilang sariling wika.

Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral ni Oling (2025) na pinamagatang “Mga Saloobin, Motibasyon, at Disposisyon sa Pagkatuto ng Wikang Filipino ng mga Mag-aaral na B’laan ng Matanao, Davao del Sur” na higit na nagiging makabuluhan ang pagkatuto ng wikang Filipino kapag nakaugat ito sa kultural na karanasan at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Upang mailagay sa mas malawak na teoretikal na konteksto ang dinamika ng saloobing pangwika, ginamit sa pag-aaral na ito ang tatlong oryentasyon sa pagpaplanong pangwika ni Ruiz (1984): wika bilang problema, wika bilang karapatan, at wika bilang sanggunian. Ang huling oryentasyong ito ay umaayon sa pananaw ng Linguistic Interdependence Hypothesis ni Cummins (2000), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng unang wika bilang saligan ng pagkatuto ng iba pang wika.

Sa kabila ng lawak ng umiiral na literatura hinggil sa saloobing pangwika ng iba’t ibang pangkat etnolingguwistiko, nananatiling kapansin-pansin ang kakulangan ng mga pag-aaral na nakatuon sa mga batang Meranaw, lalo na sa kanilang saloobin hinggil sa paggamit ng wikang Meranaw sa asignaturang Filipino sa Baitang 6.

3. Metodo

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa gamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik at case study bilang pamamaraan (Creswell at Poth, 2018; Yin, 2018). Isinagawa ito sa Mababang Paaralan ng Bubong Madanding sa Marantao, Lanao del Sur. Anim (6) na mag-aaral sa Baitang 6 ang piniling lumahok sa pag-aaral. Sila ay mga katutubong Meranaw na nagtapos ng Baitang 3 sa ilalim ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) kung saan ginamit ang wikang Meranaw bilang wikang panturo. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa sumusunod na pamantayan: (a) lingguwistikong pamantayan, kung saan Meranaw ang kanilang unang wika (L1); (b) pamantayang pang-edukasyon, kung saan

lahat ay nagtapos ng Baitang 3 sa ilalim ng MTB-MLE gamit ang Meranaw bilang wikang panturo; (c) pamantayan ng aksesibilidad, kung saan sila ay kasalukuyang nag-aaral sa Baitang 6 ng nasabing paaralan; at (d) boluntaryong paglahok, kung saan nagbigay ng may kabatirang pahintulot (informed consent) ang mga magulang at ang mga mag-aaral mismo. Mahalagang linawin na ang layunin ng case study na ito ay hindi upang maglahat ng mga natuklasan para sa lahat ng batang Meranaw o sa buong Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM). Sa halip, ayon kay Yin (2018), layunin ng case study na makamit ang analitikal na paglalahat (analytical generalization), na tumutukoy sa pagpapalawak at pagpapalalim ng teoretikal na pag-unawa sa isang partikular na penomenon. Ang anim na kalahok ay sapat upang makabuo ng mga kasong mayaman sa impormasyon (information-rich cases) (Creswell at Poth, 2018), na magbibigay ng malalim at kontekstuwalisadong pag-unawa sa penomenong pinag-aaralan.

Isa sa mga mananaliksik ang nagsilbi ring guro sa asignaturang Filipino ng mga kalahok. Kinikilala ng mga mananaliksik ang posibilidad ng pagkiling (bias) na maaaring idulot ng ganitong posisyunalidad. Dahil dito, upang mapangasiwaan ang potensyal na pagkiling at mapatatag ang pagiging mapagkakatiwalaan (trustworthiness) ng mga natuklasan, ipinatupad ang sumusunod na mga pamamaraang metodolohikal: (a) repleksibong pagtatala (reflexivity journaling), kung saan itinala ng mananaliksik-guro ang kaniyang mga paunang palagay bago ang pangangalap ng datos at ang kaniyang mga repleksiyon matapos ang bawat yugto ng pananaliksik; (b) triangulasyon ng datos (data triangulation), kung saan apat na magkakaibang instrumento ang ginamit sa pangangalap ng datos; (c) beripikasyon ng kalahok (member checking), kung saan ibinalik sa mga kalahok ang mga transkripsiyon ng focus group discussion upang mapagtibay ang katumpakan ng mga ito; at (d) pagsusuring pangkapuwa-mananaliksik (peer debriefing), kung saan sinuri ng isang mananaliksik na hindi kabilang sa silid-aralan ang mga umuusbong na tema ng pag-aaral.

Dalawang pamamaraan ng pangangalap ng datos ang ginamit sa pag-aaral: talatanungan at focus group discussion (FGD). Binubuo ang talatanungan ng tseklist ng mga dahilan ng paggamit ng wikang Meranaw at ng mga pagkakaiba sa sagot kapag Meranaw ang ginagamit. Isinulat ito sa Filipino at isinalin sa Meranaw sa pamamagitan ng pasulong at pabalik na pagsasalin upang matiyak ang katumpakan at pag-unawa ng mga kalahok. Matapos ang paunang pagsusuri sa mga sagot, isinagawa ang FGD na tumagal ng 45 hanggang 60 minuto. Binasa sa Filipino at isinalin sa Meranaw ang mga tanong, at nirekord ang buong talakayan gamit ang audio recorder. Bilang triangulasyon ng datos, ginamit din ang mga repleksiyon ng guro at pagsusuri sa mga sanaysay ng mga mag-aaral.

Sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri ayon kina Braun at Clarke (2006). Isinaayos ang pagsusuri batay sa tatlong dimensiyon ng saloobing pangwika ni Baker (1992) at sa tatlong oryentasyon sa pagpaplanong pangwika ni Ruiz (1984). Upang matiyak ang pagsunod sa mga pamantayang etikal, kumuha ng pahintulot mula sa punongguro, mga magulang, at mga mag-aaral. Tiniyak din ang

may kabatirang pahintulot (informed consent), pagiging kompidensiyal ng mga datos, at paggamit ng mga palayaw upang maprotektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok.

4. Resulta

Sa bahaging ito, inilahad ang mga nakalap na datos mula sa talatanungan, focus group discussion (FGD), pagsusuri ng mga sanaysay, at pagninilay ng guro. Ang mga resulta ay inayos batay sa tatlong dimensyon ng saloobing pangwika ni Baker (1992): kognitibo, pandamdamin, at pag-uugali.

4.1 Kognitibong Dimensyon: Paniniwala at Kaalaman ng mga Mag-aaral

Bilang bahagi ng pangangalap ng datos, isang tseklist na may 12 aytem ang ipinasagot sa anim na kalahok upang matukoy ang mga pangunahing dahilan ng kanilang paggamit ng wikang Meranaw sa asignaturang Filipino. Ang bawat aytem ay nagsisilbing representasyon ng isang posibleng motibasyon o salik sa paggamit ng wika, at pinahintulutan ang mga kalahok na pumili ng higit sa isang sagot alinsunod sa kanilang aktuwal na karanasan.

Talahanayan 1. Mga dahilan ng paggamit ng wikang Meranaw sa asignaturang Filipino.

Blg.	Dahilan	Bilang ng Tugon
1	Mas sanay na akong gumamit ng Meranaw kaysa Filipino.	6
2	Ito ang wika na ginagamit namin sa bahay.	6
3	Nahihirapan akong intindihin ang purong Filipino	5
4	Mas mabilis kong naipapaliwanag ang sagot ko sa Meranaw.	6
5	Mas komportable ako kapag Meranaw ang gamit ko.	6
6	Madalas akong kausapin ng mga kaklase ko sa Meranaw kaya nakasanayan ko na.	6
7	Ganon ang praktis sa aming pamilya at komunidad.	6
8	Hindi gaanong malalim o mahirap ang mga salita sa Meranaw kumpara sa Filipino.	4
9	Natatakot akong magkamali sa paggamit ng Filipino.	4
10	Mas nauunawaan ko ang aralin kapag nasa Meranaw.	6
11	Ito ang unang wikang natutuhan ko mula pagkabata.	6
12	Ito ang wikang madalas kong gamitin sa araw-araw na pakikipag-usap.	6

Makikita sa Talahanayan 1 na siyam na dahilan ang nagkamit ng nagkakaisang tugon mula sa lahat ng anim na mag-aaral. Kabilang dito ang pagiging sanay at komportable sa wikang Meranaw, ang paggamit nito sa tahanan at komunidad, at ang mas madaling pag-unawa sa aralin kapag ito ang ginagamit. Ipinakikita ng mga datos na ang paggamit ng Meranaw ay pangunahing nakabatay sa pagiging natural at kinagisnang nito. Samantala, apat lamang sa anim na mag-aaral ang nagsabing gumagamit sila ng Meranaw dahil sa takot na magkamali sa Filipino, na nagpapahiwatig na hindi ito ang pangunahing dahilan ng lahat ng kalahok.

Mula sa FGD, ipinahayag ng mga kalahok ang kanilang mga pananaw hinggil sa paggamit ng Meranaw. Ayon kay Aima:

"Dahil nakasanayan ko na magsalita ng Meranaw. Simula pagkabata ay Meranaw na ang mga salitang naririnig ko. Pagdating sa eskwelahan ay Meranaw din ang naririnig ko. Ang tagalog naman ay pansamantala ko lang na naririnig kumbaga paminsan-minsan lang."

Nagpatotoo rin si Mera:

"Natutunan ko sa mga magulang ko ay Meranaw at mas sanay na ako gamit ang Meranaw."

Ipinaliwanag naman ni Nisa ang impluwensya ng kanyang mga kaklase sa kanyang pagpili ng wika:

"Mas gusto kong magsalita ng Meranaw kasi Meranaw din ang pananalita ng aking mga kaklase. Kung magtatagalog kasi ako ay baka hindi ako maintindihan ng aking mga kaklase."

4.2 Pandamdaming Dimensyon: Damdamin at Emosyon ng mga Mag-aaral

Ipinakita ng mga resulta ang magkasalungat na emosyonal na tugon ng mga mag-aaral sa dalawang wika. Ang Filipino ay iniuugnay sa pagkabahala at takot, samantalang ang Meranaw ay nauugnay sa kaginhawahan at positibong damdamin.

Ibinahagi ni Rai ang kanyang karanasan:

"Sanay na akong mag Meranaw at natatakot akong magkamali sa Filipino. Kapag tinatanong ako ng Filipino ay hinahaloan ko ng Meranaw dahil mas komportable akong magMeranaw kaysa magtagalog."

Si Maya naman ay nagkuwento ng kanyang negatibong karanasan sa pagsasalita ng Filipino:

"Kunwari kapag tinanong ako ng Titser ko na magsalita ako ng tagalog tapos nagsalita ako ng tagalog at minsan ay nagkakamali ako kaya pinagtatawanan ako ng mga kaklase ko... kaya hinihiling ko na lang sa titser ko kung pwede bang magmaMeranaw na lang ako kasi pinagtatawanan ako ng mga kaklase ko."

Sa kabilang dako, ipinahayag ni Aima ang positibong emosyonal na koneksyon niya sa Meranaw:

"Yun na yon, kapag may ano, napakaganda ng pag-iisip ko at maganda sa aking pakiramdam gaya kapag may problema ako na nasasabi ko sa mga tao, sa aking Ome (nanay) at sa mga taong pinagkakatiwalaan ko kapag Meranaw ang ginagamit ko. Kapag naman tagalog ay hindi ko na maintindihan... May tiwala ako sa aking sarili gamit ang aking wikang Meranaw."

Ibinahagi rin ni Maya ang kahalagahan ng pagsasalin ng guro sa kanyang pag-unawa sa mga aralin:

"Kapag nagdidiskusyon si Titser na nagsasalita ng Filipino ay sinasabihan ko na magMeranaw na lang kasi hindi ko maintindihan kaya kapag nagmaMeranaw si Titser ay naiintindihan ko ng mabuti ang aming leksyon."

4.3 Pag-uugaling Dimensyon: Aktuwal na Gawi sa Paggamit ng Wika

Upang masuri ang pagkakaiba ng mga tugon ng mga mag-aaral kapag gumagamit ng Meranaw at Filipino, gumamit ang mga mananaliksik ng isang tseklist na binubuo ng 10 katanungan.

Makikita sa Talahanayan 2 ang malinaw na pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag gamit ang Meranaw at Filipino. Lahat ng kalahok ay nagsabing mas naipahahayag nila ang kanilang tunay na iniisip at nadarama, mas may tiwala sila sa sarili, at mas naipaliliwanag nang maayos ang kanilang opinyon kapag gumagamit ng Meranaw. Kaugnay nito, apat sa anim na mag-aaral ang nagsabing nauubusan sila ng sasabihin kapag Filipino lamang ang ginagamit, samantalang dalawa ang nagsabing nararanasan nila ito paminsan-minsan. Wala ni isa man ang sumagot ng "Hindi."

Talahanayan 2. Pagkakaiba ng sagot kapag Meranaw ang gamit.

Blg.	Tanong	Oo	Hindi	Minsan
1	Mas nakakabuo ka ba ng parirala at pangungusap kapag Meranaw ang gamit mo?	5	1	0
2	Mas mahaba ba ang iyong sagot kapag nasa Meranaw ito?	4	1	1
3	Mas malinaw ba ang iyong sagot kapag nasa Meranaw ito?	5	1	0
4	Mas naipapahayag mo ba nang maayos ang iyong totoong naiisip at nadarama kapag Meranaw ang gamit mo?	6	0	0
5	Mas mabilis ka bang makasagot kapag pinapayagang mag-Meranaw?	4	1	1
6	Mas kumpleto ba ang iyong sagot kumpara kapag Filipino lamang ang gamit mo?	5	1	0
7	Mas detalyado ba ang iyong sagot kapag pinapayagang mag-Meranaw?	5	1	0
8	Mas nauubusan ka ba ng sasabihin kapag Filipino lamang ang gamit mo?	4	0	2
9	Mas nagkakaroon ka ba ng tiwala sa iyong sagot kapag Meranaw ang iyong gamit?	6	0	0
10	Mas naipapaliwanag mo ba nang maayos ang iyong opinyon kapag Meranaw ang gamit mo kumpara sa purong Filipino?	6	0	0

4.4 Pagsusuri ng mga Sanaysay ng mga Mag-aaral

Ang pagsusuri sa mga sanaysay ng mga mag-aaral ay nagbigay ng karagdagang ebidensiya sa kanilang aktuwal na gawi sa pagsulat. Ipinakita ng mga sanaysay ang malinaw na paggamit ng paglilipat-koda sa pagitan ng wikang Meranaw at Filipino.

Ang sanaysay ni Mera tungkol sa pagtaas ng presyo ng gasolina ay nagpapakita ng halos purong Meranaw na pagsulat:

"Ino pakala so arga o gasolina, paano so da pirak iyan a adn a trak odi na motor..." ("Bakit tataas ang gasolina, paano ang mga walang pera na may sasakyan o motor...")

"...dapat na matao magadat so kirk ko gasolina ka sodn so kiyapasad o ramadhan na paano so da a pirak iyan..." ("...dapat marunong rumespeto ang may-ari ng gasolina dahil sa pagdating ng ramadhan, paano ang mga walang pera...") at

"Dowaan iyan so mga tao a da pirak a da kawayagan iyan" ("Kawawa ang mga taong walang hanapbuhay")

Ang sanaysay naman ni Rai ay nagpapakita ng mas balanseng paghahalo ng Meranaw at Filipino:

"So miyagdam odi na naramdaman sa pagtataas ng gasolina ay dahil tumataas dahil sa kambono o Iran ago Israel kaya nagmamahal lahat ng bilihin pati ang tiket..." ("Ang nadama o naramdaman ko sa pagtaas ng gasolina ay dahil tumaas dahil sa dala ng pag-aaway ng Iran at Israel kung kaya't nagmahal na rin ang mga bilihin pati ang tiket") at
"...reaksyon ko sa pagtaas ng gasolina ay nagulat ako ron ago taman sa mga pamamasaan na pakala e arga taman sa kasokaya sa trak 20 so taman sa Maul..." ("...Ang reaksiyon ko sa pagtaas ng gasolina ay nagulat ako at pati ang mga bilihin ay tumaas ang presyo gayundin ang pamasaha na 20 piso ang papunta hanggang Maul...")

Ang sanaysay ni Nisa ay nagpapakita ng dominasyon ng Meranaw sa kaniyang pagsusulat:

"Ino iran mangaday pyakala so arga a gasolina? Naoh so ped na oman di mamasairo so mga drayber na naba kiyala e pkhasokat a kawyagan..." ("Bakit kaya nila pinataas ang presyo ng gasolina? Paano ang mga drayber na walang hanapbuhay...")
"...pira a miyakalala i arga so gasolina na anday khalaba ngawn i langon pkhipamasa sa gasolina amay ka maito a miapasairo na tas so mga ped na di iran tarotopan so bayad sa sokay..." ("...Magkano ang itinaas ng gasolina at ano namang kikitain dito kung ang kinikita ay napupunta sa gasolina tapos kaunti lang din ang pasahero at hindi rin nagbabayad ng saktong halaga ang ilan.") at
"Pkhararangitan mangaday so drayber tona i sowaan mgaday o drayber dowan iyan aki o ba maiito so sokay iran labaw ron so mawatan..." ("Nagagalit kaya ang mga tsuper ano kaya ang gagawin nila kawawa naman sila dahil maliit ang pamasaha lalo na kung malayo")

4.5 Obserbasyon ng Guro

Ang pagninilay ng guro ay nagbigay ng karagdagang pananaw sa aktuwal na gawi ng mga mag-aaral:

"Napansin kong nahihirapan ang mga mag-aaral na magsalita at magsulat ng purong Filipino. Bilang mga katutubong Meranaw, sila ay napaliligiran ng kapwa Meranaw, kaya't likas na Meranaw ang kanilang ginagamit sa pang-araw-araw. Madalas silang humiling sa akin na sumagot na lamang sa Meranaw tuwing may pagsusulit o kapag

tinatanong ko sila, dahil hindi raw sila marunong magsalita ng purong Filipino o magsulat nito."

Gayunpaman, napansin din ng guro ang pagsisikap ng mga mag-aaral na matuto ng Filipino:

"Napansin ko rin na kahit mas gusto nilang gumamit ng Meranaw, patuloy pa rin silang nagsisikap na matuto at palawakin ang kanilang kaalaman sa wikang Filipino. Kapag may mga salita o terminong Filipino na hindi nila maintindihan, agad nila akong tinatanong kung ano ang ibig sabihin nito."

5. Diskusyon

Sa bahaging ito, tinalakay ang mga nakalap na resulta batay sa tatlong dimensyon ng saloobing pangwika ni Baker (1992) at sinuri sa pamamagitan ng lente ng tatlong oryentasyon sa wika ni Ruiz (1984): wika bilang problema, wika bilang karapatan, at wika bilang sanggunian.

5.1 Kognitibong Dimensyon

5.1.1 Ang Meranaw bilang Natural at Kinagisnang Wika

Ang pangunahing temang lumitaw sa mga resulta ay ang pagtingin ng mga mag-aaral sa Meranaw bilang kanilang natural at kinagisnang wika. Makikita ito sa nagkakaisang tugon ng mga kalahok na mas sanay silang gumamit ng Meranaw, ito ang wikang ginagamit sa kanilang tahanan, at ito ang unang wikang kanilang natutuhan. Ipinakikita ng mga datos na ang paggamit ng Meranaw ay nakabatay sa pagiging natural nito sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Ang pananaw na ang Meranaw ay palagian at likas na ginagamit, samantalang ang Filipino ay pansamantala at ginagamit lamang sa ilang pagkakataon, ay sumasalamin sa kanilang sistemang paniniwala hinggil sa dalawang wika. Ayon kina Gardner at Lambert (1959), ang ganitong pananaw ay maaaring maiugnay sa integratibong motibasyon o sa pagnanais na mapanatili ang pagkakakilanlan bilang bahagi ng komunidad na Meranaw. Kaayon din ito ng oryentasyong wika bilang karapatan ni Ruiz (1984), na nagbibigay-diin sa karapatan ng isang pangkat na mapanatili at magamit ang sariling wika.

Ang malawakang paggamit ng Meranaw sa tahanan, paaralan, at komunidad ay lumilikha ng isang kapaligirang lingguwistiko kung saan ito ang nagiging likas na midyum ng pag-iisip at pagpapahayag. Karaniwan ito sa mga pamayanang Meranaw sa Lanao del Sur kung saan nananatiling pangunahing wika ang Meranaw (Pandapatan et al., 2026). Sinusuportahan nito ang pananaw nina Dekker at Young (2005) na ang unang wika ay nagsisilbing pundasyon ng pagkatuto at pag-unawa. Ipinakikita ng mga

pahayag ng mga kalahok na ang Meranaw ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi mahalagang bahagi rin ng kanilang pagkakakilanlan at pang-araw-araw na buhay.

5.1.2 Impluwensya ng Kapaligirang Pangwika sa Pagpili ng Wika

Hindi lamang ang tahanan ang humuhubog sa pagpili ng wika ng mga mag-aaral; malaki rin ang impluwensya ng paaralan at ng kanilang mga kapwa mag-aaral. Ang paggamit nila ng Meranaw upang matiyak na nauunawaan sila ng kanilang mga kaklase ay maipaliliwanag sa pamamagitan ng Communication Accommodation Theory ni Giles, na binanggit nina Agheysi at Fishman (1970). Ayon sa teoryang ito, inaangkop ng mga tao ang kanilang pananalita batay sa kanilang kausap upang mapanatili ang epektibong komunikasyon. Ipinakikita nito na ang pagpili ng wika ay hindi lamang bunga ng personal na kagustuhan kundi isang panlipunang gawi na hinuhubog ng kontekstong kanilang ginagalawan. Sumasalamin din ito sa pag-uugaling dimensiyon ng saloobing pangwika, kung saan ang aktuwal na paggamit ng wika ay naaapektuhan ng agarang kontekstong panlipunan.

5.2 Pandamdaming Dimensyon

5.2.1 Filipino bilang Wika ng Pagkabahala at Takot

Sa kabila ng pagiging natural ng paggamit ng Meranaw, ipinakikita ng mga resulta na ang Filipino ay madalas na iniuugnay ng mga mag-aaral sa pagkabahala at takot. Ang kanilang karanasan ng pagtatawanan dahil sa mga pagkakamali sa pagsasalita ng Filipino ay malinaw na halimbawa ng pagkabalisansang pangwika (language anxiety) na nagmumula sa mga negatibong karanasan sa silid-aralan. Ang damdamin ng takot at pagkapahiya ay hindi lamang personal na karanasan kundi bunga rin ng mga umiiral na ideolohiyang pangwika (language ideology) sa loob ng silid-aralan (Woolard & Schieffelin, 1994). Kaugnay nito, ang kanilang pagnanais na gumamit na lamang ng Meranaw ay maaaring ituring na isang pag-iwas na pag-uugali (avoidance behavior) bilang paraan ng pagharap sa pagkabalisansang pangwika. Mula sa pananaw ni Ruiz (1984), sumasalamin ito sa oryentasyong wika bilang problema, kung saan ang unang wika ng mag-aaral ay naituturing na hadlang sa halip na katuwang sa pagkatuto ng ikalawang wika.

5.2.2 Meranaw bilang Wika ng Emosyonal na Katapatan at Identidad

Sa kabilang banda, iniuugnay ng mga mag-aaral ang Meranaw sa positibong karanasang emosyonal. Ipinakikita ng mga resulta na ang Meranaw ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi wika rin ng emosyonal na katapatan at seguridad. Ayon kina Woolard at Schieffelin (1994), ang wika ay tagapagdala ng identidad, emosyon, at panlipunang ugnayan. Ang kakayahang maipahayag ang mga

personal na karanasan at suliranin sa Meranaw ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng unang wika sa pandamdaming sarili. Ang positibong tugong emosyonal na ito ay umaayon sa oryentasyong wika bilang sanggunian ni Ruiz (1984), kung saan ang unang wika ay itinuturing na mahalagang yaman para sa emosyonal at kognitibong pag-unlad.

5.2.3 Ang Kahalagahan ng Pagsasalin sa Pag-unawa ng Aralin

Ang pagsasalin ay nagsisilbing mahalagang estratehiya upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin sa Filipino. Ipinakikita ng mga resulta na ang pagsasalin ng guro sa Meranaw ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng dating kaalaman at bagong impormasyon ng mga mag-aaral (Cummins, 2000). Nakatutulong din ito sa pagbawas ng pagkabalisansang pangwika at sa paglikha ng ligtas na kapaligiran para sa pagkatuto. Umaayon ito sa oryentasyong wika bilang sanggunian ni Ruiz (1984), kung saan ang unang wika ay ginagamit bilang mahalagang yaman upang mapadali ang pagkatuto ng ikalawang wika.

5.3 Pag-uugaling Dimensyon

5.3.1 Aktuwal na Gawi sa Paggamit ng Wika

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang malinaw na pagkakaiba sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag gamit ang Meranaw at Filipino. Ang nagkakaisang tugon hinggil sa mas mahusay na pagpapahayag ng kanilang iniisip at nadarama, higit na tiwala sa sarili, at mas malinaw na pagpapaliwanag ng opinyon ay nagpapahiwatig na mas epektibong midyum ng pagpapahayag ang Meranaw. Samantala, ang katotohanang walang mag-aaral ang sumagot ng “Hindi” sa tanong kung nauubusan sila ng sasabihin kapag Filipino lamang ang ginagamit ay nagpapakita ng mga limitasyong kanilang nararanasan sa paggamit ng ikalawang wika.

5.3.2 Paglilipat-koda bilang Natural na Istratehiya sa Akademikong Pagsusulat

Pinagtitiyag ng pagsusuri sa mga sanaysay ang mga temang lumitaw mula sa FGD at tseklist. Ipinakikita ng mga sanaysay na ang paglilipat-koda ay isang likas na estratehiya ng mga multilingguwal na mag-aaral sa akademikong pagsusulat. Ayon kina Woolard at Schieffelin (1994), hindi ito dapat ituring na kahinaan kundi isang paraan ng pag-angkop sa iba’t ibang kontekstong pangkomunikasyon. Kapansin-pansin na ang mga sanaysay na higit na gumagamit ng Meranaw ay naglalaman ng mas detalyadong pagpapahayag ng kaisipan at damdamin, samantalang ang mga sanaysay na gumagamit ng parehong Meranaw at Filipino ay nagpapakita ng kakayahang makapagpalipat-lipat sa dalawang wika. Sa dimensiyong pag-uugali ni Baker (1992), sumasalamin ito sa aktuwal na gawi ng mga mag-aaral na gamitin ang kanilang buong repertoryong lingguwistiko upang epektibong makipagtalastasan.

5.3.3 Mga Hamon ng Labis na Pagdepende sa Meranaw

Ang obserbasyon ng guro na madalas humihiling ang mga mag-aaral na sumagot sa Meranaw tuwing may pagsusulat ay nagpapakita ng patuloy na pagdepende nila sa unang wika. Ayon kay Burton (2013), ang biglaang paglipat mula sa unang wika tungo sa ikalawang wika sa Baitang 4 ay nagdudulot ng lingguwistikong diskontinuidad, lalo na kung hindi ito nasasamahan ng sapat na suporta sa pagkatuto. Bunga nito, nananatili ang pag-asa ng mga mag-aaral sa kanilang unang wika kahit sa mga sitwasyong nangangailangan ng paggamit ng Filipino. Maaari itong magbunga ng limitadong bokabularyo at kasanayan sa Filipino, na umaayon sa oryentasyong wika bilang problema ni Ruiz (1984) kapag ang paggamit ng unang wika ay nagiging hadlang sa pag-unlad ng ikalawang wika.

5.3.4 Ang Pagsisikap na Matuto ng Filipino

Sa kabila ng mga hamon, ipinakikita ng mga mag-aaral ang patuloy na pagsisikap na matuto ng Filipino. Ayon sa obserbasyon ng guro, ang kanilang pagkukusang magtanong tungkol sa mga salitang o terminong hindi nila nauunawaan ay nagpapakita ng instrumental na motibasyon (Gardner at Lambert, 1959), kung saan kinikilala nila ang kahalagahan ng Filipino para sa kanilang edukasyon at hinaharap. Ipinahihwatig nito na hindi lamang sila mga tagatanggap ng mga patakarang pangwika kundi mga aktibong kalahok sa kanilang sariling pagkatuto habang pinamamahalaan ang paggamit ng kanilang unang at ikalawang wika.

6. Kongklusyon

Napatunayan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na Meranaw sa Baitang 6 ay may masalimuot at multidimensiyonal na saloobin sa paggamit ng wikang Meranaw sa asignaturang Filipino. Ang kanilang paggamit ng Meranaw ay nakaugat sa pagiging natural at kinagisnan nitong wika ng tahanan, komunidad, at pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan. Ipinakita rin ng mga resulta na higit na malinaw, buo, at malaya ang kanilang pagpapahayag sa Meranaw kaysa sa Filipino, na kadalasang iniuugnay sa pag-aatubili at mga limitasyon sa pagpapahayag. Pinagtibay ng pagsusuri sa mga sanaysay na ang paglilipat-koda ay isang likas na estratehiya sa kanilang akademikong pagsusulat. Bagama't nagsisilbing mahalagang tulay ang Meranaw sa pag-unawa ng mga aralin, maaari ring magdulot ng limitadong kasanayan sa Filipino ang labis na pagdepende rito. Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na ang Meranaw sa konteksto ng asignaturang Filipino ay nagsisilbing parehong yaman at hamon. Gayunman, dahil anim na kalahok lamang mula sa isang paaralan ang saklaw ng pag-aaral, hindi maaaring ilapat sa lahat ng mag-aaral na Meranaw ang mga natuklasan. Sa halip, ang ambag ng pag-aaral ay nakasalalay sa pagbibigay ng malalim at kontekstuwalisadong pag-unawa sa isang partikular na penomenon sa loob ng isang tiyak na komunidad.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang sumusunod: (1) paggamit ng balanseng dulong pedagogikal na kumikilala sa unang wika bilang tulay sa pagkatuto habang pinauunlad ang kasanayan sa ikalawang wika; (2) pagsasagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro sa Filipino hinggil sa epektibong paggamit ng unang wika bilang suporta sa pagkatuto; (3) pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto sa Filipino na may salin sa Meranaw para sa mahihirap na konsepto; (4) pagsasagawa ng mas malawak na pag-aaral na sumasaklaw sa higit na maraming paaralan at kalahok; at (5) pagsusuri sa implementasyon ng MTB-MLE, partikular sa transisyonal na yugto mula Baitang 4 hanggang Baitang 6.

Pagkilala

Ang mga mananaliksik ng pag-aaral na ito ay lubos na nagpapasalamat sa pagkakataong ibinigay ng Programang Gradwado ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika na udyukin sila na makagawa ng isang makabuluhang awtput sa sosyolinggwistikos lalo na sa nakasaad na paksa sa riserts na ito. Kinikilala rin ang ambag ng mga taga-rebyu ng artikulo sa lalong ikinabuti nito

Pahayag ng Salungatan ng Interes

Tinitiyak ng mga mananaliksik na ang papel na ito ay walang anumang salungatan ng interes mula sa ibang tao o organisasyon.

References

- Agheysi, R., & Fishman, J. A. (1970). Language attitude studies: A brief survey of methodological approaches. *Anthropological Linguistics*, 12(5), 137–157. <https://www.jstor.org/stable/30029244>
- Baker, C. (1992). *Attitudes and language. Multilingual Matters*. <https://doi.org/10.1017/S0047404500017486>
- Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77–101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>
- Burton, L. A. (2013). *Mother tongue-based multilingual education in the Philippines: Studying top-down policy implementation from the bottom up*. University of Minnesota. <https://www.academia.edu/download/48015833/burton.pdf>
- Clandinin, D. J., & Connelly, F. M. (2000). Narrative inquiry: Experience and story in qualitative research. Jossey-Bass. <http://www.jstor.org/stable/20716027>
- Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2016). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches*. Sage publications. https://www.academia.edu/download/55010759/creswell_Qualitative_In%20quiry_2nd_edition.pdf
- Cummins, J. (2000). *Language, power, and pedagogy: Bilingual children in the crossfire* (Vol. 23). Multilingual matters. https://www.academia.edu/download/76565577/CJ13_reviews.pdf

- Dekker, D., & Young, C. (2005). Bridging the gap: The development of appropriate educational strategies for minority language communities in the Philippines. *Current Issues in Language Planning*, 6(2), 182-199. <https://doi.org/10.1080/14664200508668280>
- Eberhard, D. M., Simons, G. F., & Fenning, C. D. (Eds.). (2015). *Ethnologue: Languages of the world*. <https://www.ethnologue.com/language/mrw>
- Gardner, R. C. (1985). Social psychology and second language learning: The role of attitudes and motivation. <https://doi.org/10.1017/S0272263100007634>
- Gardner, R. C., & Lambert, W. E. (1959). Motivational variables in second-language acquisition. *Canadian Journal of Psychology/Revue canadienne de psychologie*, 13(4), 266. <https://doi.org/10.1037/h0083787>
- Lobel, J. W., & Riwarung, L. H. S. (2011). Maranao: A preliminary phonological sketch with supporting audio. *Language Documentation & Conservation*, 5. <https://scholarspace.manoa.hawaii.edu/bitstreams/b5ff91c7-9a6a-4b10-861f-498ede9669d8/download>
- McKaughan, H. P., & Macaraya, B. A. (1965). Maranao plant names. *Oceanic Linguistics*, 4(1/2), 48-112. <https://www.jstor.org/stable/3622916>
- Moya, E. L. (2023, February 24). Estratehiya sa pagkatuto ng makrong kasanayan sa pagsasalita. Bicolmail. <https://www.bicolmail.net/single-post/stratehiya-sa-pagkatuto-ng-makrong-kasanayan-sa-pagsasalita>
- Nolasco, R. M. D. (2008). 21 reasons why filipino children learn better while using their mother tongue. *Asia Pacific Journal of Social Innovation*, 21(2). <https://journals.msuiit.edu.ph/tmf/article/view/281>
- Oling, A. J. S. (2025). Mga saloobin, motibasyon, at disposisyon sa pagkatuto ng wikang Filipino ng mga mag-aaral na B'laan ng Matanao, Davao del Sur. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 5(8), 326–337. <https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2025/09/8-IJAMS-AUGUST-2025-326-337.pdf>
- Pandapatan, A. M., Pandapatan, S.A., Hussain, B.S., Hadji Jamel, A.J., Hadji Socor, N., Abaton, S.Z., Singer, N., Ali, A., Ampuan, I., & Alangca-Azis, J. D. (2026). Meranaw Language Vitality in Select Lanao Municipalities: A Preliminary Assessment. *Rainbow Journal of Literature Linguistics and Cultural Studies*, 15(1), 21–31. https://www.researchgate.net/publication/404546730_Meranaw_Language_Vitality_in_Select_Lanao_Municipalities_A_Preliminary_Assessment
- Parba, J. (2018). Teachers' shifting language ideologies and teaching practices in Philippine mother tongue classrooms. *Linguistics and Education*, 47, 27-35. <https://doi.org/10.1016/j.linged.2018.07.005>
- Ruiz, R. (1984). Orientations in language planning. *NABE journal*, 8(2), 15-34. <https://doi.org/10.1080/08855072.1984.10668464>
- Walter, S. L., & Dekker, D. E. (2011). Mother tongue instruction in Lubuagan: A case study from the Philippines. *International Review of Education*, 57(5), 667-683. <https://doi.org/10.1007/s11159-011-9246-4>

Woolard, K. A., & Schieffelin, B. B. (1994). Language ideology. *Annual Review of Anthropology*, 23, 55–82. <https://doi.org/10.1146/annurev.an.23.100194.000415>

Yin, R. K. (2018). Case study research and applications: Design and methods (6th ed.). Sage Publications. https://opac.atmaluhur.ac.id/uploaded_files/temporary/DigitalCollection/YTE3NDlmYTY0ZjE2MDA5ODE4NGI1Y2FhMjdkMjRmYWVkMDA2MTVhOQ==.pdf

Ambag ng May-akda: Exsan, N.; Pangunahing awtor na nanguna sa konseptuwalisasyon ng pananaliksik hanggang sa pagkakabuo nito. Esoy, M.; Mamangcal, R.; Villastique, C.M.; Tumulong sa pagsusuri ng mga datos ng pananaliksik at nagbigay ng mahahalagang detalye sa papel upang mapagtibay ang argumento. Pandapatan, A.; Naging katuwang at tagagabay ng pangunahing awtor sa maayos na konseptuwalisasyon nito, nagbigay ng sapat na puna para sa ikauunlad ng pag-aaral at tiniyak na nasusunod ang etikal na pamamaraan ng pagsulat ng pananaliksik.